Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-18 REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 22 MAYO 2000, IKA-9:15 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY ODIONG, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: Konsehal Eduardo K. Soriano

KAPASYAHAN BLG. 046
Taong 2000

KAPASYAHANG NAGPAPAHAYAG NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI KAY GNG. JOVY B. PUPA AT MGA KAANAK SA PAGPANAW NG KANYANG MINAMAHAL NA AMA, G. ROMEO BAGARES.

SAPAGKA'T, ang pagpanaw ng isang minamahal sa buhay lalo pa't ng isang ama na siyang haligi at tagapagtaguyod ng kanyang pamilya ay lubos na dinaramdam ng kanyang mga naiwan;

SAPAGKA'T, ang pagpanaw sa mundo ng ama ni Gng. Jovy B. Pupa na isang kasamahan sa Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay isang malaking kawalan sa kanilang pamilya na lubhang nabibigkis ng pagkakaisa at ng tradisyong Pilipino;

SAPAGKA'T, ang pamimighati ni Gng. Jovy Bagares Pupa sa pagpanaw ng kanyang ama ay nararamdaman din ng mga kawani at mga pinuno ng pamahalaang lokal ng bayang ito.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Cesar T. Baticos na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot kay Gng. Iovy B. Pupa at mga kaanak ang taospusong pakikiramay at pakikidalamhati ng mga pinuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa pagpanaw ng kanilang mahal na ama, G. Romeo Bagares.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahong ito kay Gng. Iovy B. Pupa lakip ang taospusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat, Mayo 22, 2000

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

GONZALO C. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

pilz/